



NEW MUSLIM
ACADEMY

Ang mga Tao sa Yungib – Matatag na Nanindigan sa Pananampalataya

Ipinapaalam sa atin ng Allah na ang Qur'an ay para sa pagninilay at pagmumuni-muni. "Isang Aklat na ipinadala Namin sa inyo, puno ng mga pagpapala upang pagnilayan nila ang mga talata nito, at maalala ng mga may pang-unawa." [38:29] Ang isang kuwentong karapat-dapat pagnilayan ay ang kwento ng mga tao sa yungib – isang kwento kung paano mananatiling matatag sa pananampalataya sa harap ng pinsala at pag-uusig. Ito ay isang kwento na nakasentro sa isang grupo ng mga kabataang lalaki na hindi mga Sugo, ngunit mga ordinaryong tao na tumanggap ng mensahe ng Allah.

Ang kasaysayan ng mga tao sa yungib ay tungkol sa isang grupo ng paniniwala ng kabataan na naninirahan sa isang poloteistikong lipunan, kung saan ang mga tao na tinanggap ang panawagan ng Allah ay inusig para sa kanilang mga paniniwala. Ang mga kabataang ito sa lungsod ang tanging naniniwala sa Allah. Ang hari ay isang malupit na tao at ang kanilang mga tao ay kilala sa kanilang di-pagkagusto sa anumang bagay maliban sa kanilang huwad na relihiyon. Nang ang oras ay dumating sa kanila para tanungin ng hari ang tungkol sa kumakalat na balita na iniwan nila ang kanyang relihiyon, at nakakita ng ibang landas, sila ay puno ng lakas ng loob at katatagan.

Napagtanto ng mga naniniwalang kabataan na kung sila ay mananatili sa lungsod, ang kanilang mga buhay ay mawawala, kaya't nagpasya silang tumakas at maghanap ng ibang lupain. Tumakas sila sa kanilang lungsod dahil sa takot sa kanilang buhay tulad ng mga Disipulo ni Propeta Muhammad (SAWS) na tumakas sa Makkah para hanapin ang banal na lugar ng Madinah. "[Ang mga kabataang lalaki ay nagsabi sa isa't-isa]: 'At kapag kayo ay nagsitiwalag sa kanila, at sa anumang kanilang mga sinasamba bukod sa Allah, magkagayon, kayo ay humayong magtungo sa yungib. Ilalaganap ng inyong Panginoon para sa inyo ang inyong mga gawain para sa inyong kaluwagan.'" [18:16] Naghanap sila ng kanlungan sa isang yungib upang makapagpahinga sandali bago magpatuloy sa kanilang paglalakbay, walang kaalam-alam na tutugunan ng Allah ang kanilang panalangin sa paraang hindi nila inisip. "[Alalahanin mo] nang ang mga kabataang [lalaki] ay nagsitakbo sa [loob ng] yungib at nagsabing: "Aming Panginoon igawad Mo po sa amin ang habag mula sa Iyong Sarili at gawin Mo pong magaan ang aming mga gawain para sa amin tungo sa matuwid." [18:10]

Itinala ng Allah kung paano sila matatag na nanindigan sa kanilang pananampalataya, tinutugunan ang kanilang malupit na pinuno at ang kanilang mga tao, “At Aming pinatatag ang kanilang mga puso nang sila ay nanindigan at nagsabing: ‘Ang aming Panginoon ay ang Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan. Kailanman, ay hindi kami mananalangin sa alinmang diyos maliban sa Kanya. [Kung nagawa naming sabihin ito] katiyakan na kami ay nakapagsabi nang gayong [kalaking] kalapastanganan.” [18:14] Sa maraming paraan ito ay kahalintulad ng pangyayari ng sinaunang mga Muslim sa panahon ni Propeta Muhammad (SAWS), kapag sila ay madalas na pinahihirapan at pinag-uusig dahil lamang sa pagsasabi ng “Walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Nag-iisang Tunay na Diyos, ang Allah.”

Tinugunan ng Allah ang panalanging ito at ipinagkaloob sa mananampalatayang mga kabataang ito ang isang malaking himala, ipinapakita ang Kanyang awa sa mga mananampalataya, at ang Kanyang kapangyarihan sa nilikha. “At sila ay nanatili sa kanilang yungib sa loob ng tatlong daan taon, at karagdagang siyam [na taon].” [18:25] Ipinag-utos ng Allah na sila ay matutulog sa loob ng tatlong siglong. Inilarawan ng Allah ang mga kalagayan ng kanilang pagtulog at ang mga paligid nito nang sa gayon ang tanda ng banal na habag ay maging ganap. Pinahintulutan ng Allah ang araw na sumikat at lumubog sa yungib sa paraang ang maliwanag na liwanag at init nito ay hindi makagambala sa kanilang pagtulog, ngunit makikinabang pa rin sila sa mga sinag at init nito. Pinabalik sila ng Allah sa kanilang pagtulog upang ang kanilang mga katawan ay manatiling buo at malusog. Nanatili ang kanilang alagang aso sa bunganga ng yungib kung saan sila natutulog para hindi makalapit ang ibang mga hayop.

Pagkaraang dumating at lumipas ang mga henerasyon ng tatlong siglo, ipinag-utos ng Allah na ang mga kabataang mananampalataya ay dapat magising. Sila ay nagising sa parehong estado ng pag-aalala kung saan sila natulog. Hindi nila inisip na nakatulog sila ng sobrang tagal, sa halip ay inisip na bahagi ito ng isang araw o ng isang buong araw. Hindi nag-iba ang kanilang hitsura o nakaramdam ng kakaiba. Naniniwala pa rin sila na ang kanilang mga buhay ay nasa panganib, kaya nagpasya na ipadala ang isa sa grupo upang tahimik na bumalik sa lungsod para bumili ng pagkain at mga kakailanganin para sa paglalakbay sa hinaharap. Kahit na sa ganitong kalagayan, ay tiniyak nila na ang pagkain ay malinis at pinahihintulutang kainin, "Kaya, inyong ipadala ang isa sa inyo sa bayan, dala ang inyong baryang pilak na ito, at hayaan siyang humanap ng anumang pinakamabuting pagkain..." [18:19]

Habang ipinadala nila ang isa sa kanila upang maghanap ng pagkain, ay natuklasan siya ng mga tao sa bayan dahil ang kanyang mga tanong, asal at pera ay naging sanhi ng mga paghihinala. Sinabihan siya na ipaliwanag ang kanyang sarili, kaya sinabi niya sa mga tao ang kanyang kuwento at dinala siya sa iba pa niyang mga kasama. Nakita ng mga tao noong panahong iyon ang kapangyarihan ng Allah at ang Kanyang kakayahan na muling bumuhay. “At [tulad nang kung paano Namin sila hinayaang matulog ng matagal at gisingin ay] ganyan Namin pinangyaring sila [mga kabataang lalaki] ay matagpuan upang [ang mga taong nakatagpo sa kanilang kalagayan ay] kanilang mapag-alaman na ang pangako ng Allah ay totoo, [at] na ang tungkol sa [pagsapit ng takdang] Oras ay walang alinlangan.” [18:21]

Ang kasaysayang ito ay nagpapakita ng isa sa mga pinaka pangkaraniwang pagsubok na haharapin ng mga mananampalataya; mga pagsubok na may kinalaman sa kanilang pananampalataya. Sa pinakasukdulan nito, ay maaari itong humantong sa pag-uusig at pagpapahirap, ngunit maraming iba pang mga anyo na maaari itong gawin. Mga mapanlait na pananalita, hindi komportableng mga titig mula sa iba at kung minsan ay isang panloob na kumplikadong kabababan kapag kailangang hayagang ipakita ang ating pananampalataya sa harap ng iba. Kung minsan, maaaring ang sarili nating pamilya at mga kaibigan ang nagtatangkang pigilan tayo kapag gusto nating yakapin ang Islam o dagdagan ang ating mga pagtatangka na isagawa ito. Sa buong kasaysayan na ito ay itinuro sa atin ang mga paraan upang malampasan ang pagsubok na ito; matibay na pananampalataya, pagbabalik-loob sa loob sa Allah sa lahat ng oras, umaasa at nagtitiwala sa Kanya at nananalangin sa Kanya. "Tunay nga na sila ay mga kabataang [lalaki] na naniwala Sa kanilang Panginoon, at sila ay Aming dinagdagan sa patnubay." [18:13]

 **NewMuslimPH** **newmuslimph** **newmuslimPH**

www.newmuslimacademy.ph